Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
Region VIII
**DIVISION OF CATBALOGAN CITY**

24 Hulyo 2018

**MEMORANDUM PANSANGAY**
**Blg. 259 s. 2018**

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2018**

Para sa : Chief ng Curriculum Implementation Division
Mga Pampurok na Tagamasid
Punongguro ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralang Elementarya at Sekondarya

1. Alinsunod sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 119 s. 2018 ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa 2018** mula ika- 1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdariwang sa taong ito ay **Filipino: Wika ng Saliksik**

2. Inaatasan ang bawat paaralan na magsidaos ng mga gawaing magpapasigla sa pagpapahalaga sa Wikang Filipino at gawaing patnubay ang lingguhang paksa. Ang lahat ng mga kawani ng DepEd, gayundin ang mga mag-aaral sa lahat ng antas ay hinihimok na magsuot ng "Kasuotang Filipino" tuwing araw ng Lunes sa buong buwan ng Agosto.

3. Ang bawat paaralan ay binibigyan ng kalayaan na pumili ng mga gawain sa mga batayan na nakatalang gawain sa loob ng buwang ito para sa mga mag-aaral mula sa K to 12 : **pagpapayaman ng talasalitaan , pagbasa na may pag-unawa , pagsagot sa isang palaisipan , pagbigkas ng tula , paggawa ng poster , pagsulat ng sanaysay , pag-awit ng mga katutubong awit , pagsulat ng photo essay , deklamasyon , at informans.** Isama na rin ang sumusunod na mga gawain: **Madulang Pagkukuwento, Sulat Bigkas ng Tula (SUKLAS), Dagliang Talumpati, Interpretatibong Pagbasa (Pagbibigay Interpretasyon sa Wastong Pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang Pagbasa ng Tula)** na kasama sa paligsahan ng Pambansang Tagisan ng Talento na gaganapin ngayong Oktubre 2018.

4. Hinihiling na ang bawat Purok/ Paaralan na magsumite ng Pasalaysay na Pag-ulat pagkatapos ng pagdiriwang sa Curriculum Implementation Division (CID) **c/o Florita L. Lee,** EPS Filipino, Sangay ng Catbalogan City mula sa Setyembre 3-7, 2018

5. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**CRISTITO A. ECO, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Kalakip : Pamantayan ng Paligsahan
Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran, Blg 119 s. 2018
Pamamahagi: 1-2-3 ( D. O. 56-97 )
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa

**BUWAN** **FILIPINO** **WIKA**

DEPED DIVISION OF CATBALOGAN CITY RELEASED No. 259 DATE: 7/25/18 BY: OFFICE OF THE SUPERINTENDENT

2nd Floor, Laohoo Bldg., Del Rosario St. E-mail: depedcatbalogancitydivision15@gmail.com Catbalogan City
Facebook Page: DepEd Catbalogan City Division Telefax: (055) 251-3196

Kalakip Blg. 1 sa Pansangay na Memorandum Blg. 219 s. 2018

Mungkahing Lingguhang mga gawain / paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2018:

Unang Linggo: Pagpapayaman ng Talasalitaan - Baitang 1 , 2 , 3

Pagbasa na may Pag-unawa – Baitang 1 , 2 , 3 , 4 , 5 , 6

Pagsagot sa isang palaisipan - Baitang 4 , 5 , 6

Ikalawang Linggo: Pagbigkas ng Tula - Baitang 4 , 5 , 6

Paggawa ng Poster - Baitang 4 , 5 , 6

Pagsulat ng Sanaysay - Baitang 7 , 8 , 9 , 10

Pag-awit ng katutubong Awit - Baitang 7 , 8 , 9 , 10

Ikatlong Linggo: Pagsulat ng Photo Essay - Baitang 7 , 8 , 9 , 10

Deklamasyon - Baitang 7 , 8 , 9 , 10

Informans - Baitang 7 , 8 , 9 , 10

Ikaapat na Linggo: Madulang Pakukuwento –

- ( Baitang 4, 5, 6 at isang Graded SPED na may edad labinlima pababa)

Sulat Bigkas ng Tula (SUKLAS)

- ( Baitang 6 )

Dagliang Talumpati

- Senior High School

Interpretatibong Pagbasa (Pagbibigay Interpretasyon sa Wastong Pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang Pagbasa ng Tula)

- (Isang kalahok mula sa bawat baiting 7 , 8 , 9 at 10

# 2019 PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | **Ang mga kalahok ay binubuo ng mga mag-aaral mula sa Baitang 4, 5, 6 at isang Graded SPED na may edad labinlima pababa.** | |
| **Kategorya** | **MADULANG PAGKUKUWENTO** | |
| **Bilang ng Kalahok** | **Apat (4)** | |
| **Oras na Inilaan** | **Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda** | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Porsiyento** |
| | **Interpretasyon** | 40% |
| | Pagpapalutang ng diwa (20%) | |
| | Pagbibigay diin sa damdamin (20%) | |
| | **Hikayat** | 20% |
| | Dating sa madla (5%) | |
| | Pagbibigay buhay sa tauhan (5%) | |
| | Tindig (5%) | |
| | Kumpas/Kilos (5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | May pagbubukod bukod ng mga salita (5%) | |
| | May wastong diin at intonasyon (5%) | |
| | **Tinig** | 10% |
| | Lakas (5%) | |
| | Taginting (5%) | |
| | **Kaangkupan ng diwa at damdamin** | 10% |
| | **Kabuuan** | 100% |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Isang kwento ang bibigyan ng interpretasyon batay sa ibibigay ng mga hurado sa takdang araw ng paligsahan.
b) Bibigyan ng sampung (10) minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang kwentong bibigyan ng interpretasyon.
c) Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng kwento.
d) Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang kwento na tatagal din ng sampung minuto, susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok
e) Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang kwento.
f) Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama ang pagpasok at paglabas ng mga kalahok.
g) Walang anumang "*props*" o kagamitan, background music at instrument na dadalhin at gagamitin ang mga kalahok.
h) Iikot ang interpretasyon sa kuwento lamang.

**II. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan**

a) Kwentong gagamitin
b) Orasan

# 2019 PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | **Mula sa baitang Anim.** | |
| **Kategorya** | **SULAT BIGKAS NG TULA (SULKAS)** | |
| **Bilang ng Kalahok** | **Isa (1)** | |
| **Oras na Inilaan** | **Anim (6) na minuto kasama ang paghahanda** | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Porsiyento** |
| | **Interpretasyon** | 35% |
| | Kaugnayan sa paksa (20%) | |
| | Pagbibigay diin sa damdamin (15%) | |
| | **Hikayat** | 25% |
| | Dating sa Madla (5%) | |
| | Kakanyahang pantanghalan (5%) | |
| | Kilos, galaw, kumpas (10%) | |
| | Expresyon ng mukha (5%) | |
| | **Tinig** | 20% |
| | Lakas (5%) | |
| | Taginting (5%) | |
| | Kaangkupan ng diwa at damdamin (10%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | Wastong pagbubukod ng salita (5%) | |
| | Diin/himig (5%) | |
| | **Kabuuan** | 100% |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Ang tulang isusulat ay naayon sa tema na ibibigay ng hurado sa araw ng patimpalak; apat na saknong na binubuo ng apat na taludtod na may tugma.
b) Ang mga kalahok ay bibigyan ng isang oras na pagsusulat at tatlumpong minutong pag eensayo.
c) Ang lahat ng papel ay lilikumin ng tagapagdaloy at sisimulan na ang paligsahan.
d) Ang lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok.
e) Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tatlo hanggang limang minuto sa pagbigkas ng tula.
f) Ang kalahok ay magsusuot ng kasuotang Pilipino.

**II. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan**

a) Paksang gagamitin
b) Papel, bolpen, lapis at pambura
c) Orasan

# 2019 PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | **Senior High School** | |
| **Kategorya** | **DAGLIANG TALUMPATI** | |
| **Bilang ng Kalahok** | **Isa (1)** | |
| **Oras na Inilaan** | **Anim (6) na minuto kasama ang paghahanda** | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Porsiyento** |
| | **Interpretasyon** | 35% |
| | Kaugnayan sa paksa (20%) | |
| | Pagbibigay diin sa damdamin (15%) | |
| | **Hikayat** | 25% |
| | Dating sa Madla (5%) | |
| | Kakanyahang pantanghalan (5%) | |
| | Kilos, galaw, kumpas (10%) | |
| | Ekspresyon ng mukha (5%) | |
| | **Tinig** | 20% |
| | Lakas (5%) | |
| | Taginting (5%) | |
| | Kaangkupan ng diwa at damdamin (10%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | Wastong pagbubukod ng salita (5%) | |
| | Diin/himig (5%) | |
| | **Kabuuan** | 100% |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Ang paksa na manggagaling sa Population Development Commission ay nahihinggil sa tema ng paligsahan at ibibigay sa takdang oras mula sa lupon ng inampalan.
b) Siya ay bibigyan lamang ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksang napili habang nagtatalumpati ang sinusundang kalahok.
c) Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksa at dalawa hanggang tatlong minuto naman sa pagtatalumpati.
d) May kabawasang puntos sa kabuuang iskor na labis o kulang sa itinakdang oras ng pagtatalumpati:

| | | |
|---|---|---|
| 1-30 segundo | - | .5 puntos |
| 31-60 segundo | - | 1 puntos |
| 61 segundo – pataas | - | 2 puntos |

e) Itataas ang banderang berde bilang hudyat ng pagsisimula, banderang dilaw bilang hudyat sa nalalabing tatlumpong segundo at banderang pula na tapos na ang itinakdang oras.
f) *"Corporate attire"* ang inaasahang kasuotan ng kalahok

**II. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan**

a) Banderang berde, dilaw at pula
b) Paksang gagamitin
c) Orasan

# 2019 PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | **Isang kalahok mula sa bawat baitang 7, 8, 9 at 10.** | |
| **Kategorya** | **INTERPRETATIBONG PAGBASA (PAGBIBIGAY INTERPRETASYON SA WASTONG PAGBASA NG TALUMPATI, MONOLOGO, DEKLAMASYON, ISAHAN AT SABAYANG PAGBASA NG TULA)** | |
| **Bilang ng Kalahok** | **Apat (4)** | |
| **Oras na Inilaan** | **Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda** | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Porsiyento** |
| | **Interpretasyon** | 40% |
| | Pagpapalutang ng diwa (20%) | |
| | Pagbibigay diin sa damdamin (20%) | |
| | **Hikayat** | 20% |
| | Dating sa madla (5%) | |
| | Pagbibigay buhay sa tauhan (5%) | |
| | Tindig (5%) | |
| | Kumpas/Kilos (5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | May pagbubukod bukod ng mga salita (5%) | |
| | May wastong diin at intonasyon (5%) | |
| | **Tinig** | 10% |
| | Lakas (5%) | |
| | Tainting (5%) | |
| | **Kaangkupan ng diwa at damdamin** | 10% |
| | **Kabuuan** | 100% |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Ang piyesa na manggagaling sa tagapag-organisa ay ibibigay sa takdang araw ng paligsahan.
b) Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay-interpretasyon ng bawat kalahok.
c) Bibigyan ng sampung (10) minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon.
d) Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng binasang piyesa.
e) Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa na tatagal din ng sampung minuto, susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok
f) Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi maririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin.
g) Dapat angkop ang interpretasyon sa genreng nakasulat sa piyesa.
h) Ang kasuotan ng mga kalahok ay pantalong maong at puting t-shirt.
i) Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama ang pagpasok at paglabas ng mga kalahok

# 2019 PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

j) Walang anumang "*props*" o kagamitan, background music at instrument na dadalhin at gagamitin ang mga kalahok.
k) Iikot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang adlib.

**II. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan**
a) Paksang gagamitin
b) Orasan

Paalala:
- Mahigpit na ipinagbabawal sa mga kalahok ang pagdadala ng anumang *electronic gadgets* sa holding area at sa buong panahon ng pagtatanghal.
- Hindi rin pinahihintulutan ang mga tagapagsanay na pumasok/lumapit sa holding area.
- Iwasan ang pagbanggit ng pagkakakilanlan ng mga kalahok.
- Ang paglabag dito ay magiging sanhi ng diskwalipikasyon.

# 2019 PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

Mga kategorya, bilang ng kalahok at bilang ng tagapagsanay sa bawat kategorya ay ang mga sumusunod:

| Kategorya | Bilang ng kalahok | Bilang ng Tagapagsanay | Kabuuang Bilang |
|---|---|---|---|
| 1. Madulang Pagkukuwento | 4 | 1 | 5 |
| 2. Pagsulat at Pagbikas ng Tula | 1 | 1 | 2 |
| 3. Dagliang Talumpati | 1 | 1 | 2 |
| 4. Interpretatibong Pagbasa | 4 | 1 | 5 |
| **Kabuuang bilang ng delegado sa bawat rehiyon** | | | **14** |